

1

“After this mission, I’ll go on a leave. Sasama ka ba?”

“Where are you going?” kunot-noong tanong ni Loki kay Lafernio. Ito ang unang pagkakataon na nagsalita ang matalik na kaibigan tungkol sa pagbabakasyon.

Nasa pick-up truck sila na minamaneho niya patungo sa mission site.

“Manila. It’s about time I visit Julianne,” tukoy nito sa kapatid na siyang naka-wallpaper sa naka-on nitong laptop kung saan ito nakatingin.

Napatingin siya sa malayo.

Little Mermaid, his mind whispered, pilit iniignora ang mala-anghel na tinig na madalas sumagi sa alaala niya.

“Well?” untag nito.

“I’ll think of it after this mission,” wala sa loob na sagot niya.

“Wow, she’s pretty!” biglang singit ni Jake na nasa likuran kasama ang tatlo pa nilang kasamahan—si Jarno, si Nathan, at si Fabio.

The six of them were members of *Red Squadron’s Team Echo*. They were all part of *SEAL Team Six* or what was now commonly

Bombs And Promises - Jade Anne Franco

known as *DEVGRU*, *Naval Special Warfare Development Group*. They were the *Navy SEALS*' elite of the elite.

“Don’t even think about it,” mabilis na sawata ni Lafernio kay Jake at ibinalik ang paningin sa laptop.

“Hey, kung may dapat ka mang pagkatiwalaan sa kapatid mo, ako ’yun. You know me.” Si Jake pa rin.

Nilingon ito ni Lafernio. “Yeah, I know you that’s why I know I can’t trust you with her. Check this out,” pag-iiba na nito ng paksa at nag-type sa laptop.

“Ano ’yan?” nakakunot-noong tanong ni Jake habang nakatitig sa monitor.

“Account records of all high ranking frogmen. Guess who’s the richest?”

Nagkalingunan silang lahat bago niya isinatinig ang nasa isip nila. “Jarno?”

“Give me a break!” pakli ng pinagpatungkulan.

“No, seriously, Jarno is a secret billionaire,” saad ni Lafernio. “Admiral Jennings, total of thirty-eight billion dollars!”

“What the f*ck?” bulalas niya. “Is that for real?”

“Lafernio, quit that,” ani Jarno. “That’s not legal.”

“I’m telling you, guys, that old man’s a walking treasure

“chest,” ani Lafernio bago isinara ang laptop.

“We’re a mile away. Get ready,” si Jarno uli. “Lafernio, you’re going first, you’re Alpha. Fabio, you’re Bravo, Nathan is Charlie, Jake’s Delta, I’m Echo and Loki, you’re Frank. You stay in the truck as planned.”

“Roger that!” sang-ayon niya at hininaan ang takbo ng sasakyang para hindi sila makakuha ng atensyon.

“Alpha’s in!” Narinig niya mula sa radio transmitter ang boses ni Jarno nang nasa posisyon na sila.

Nakapuwesto na silang lahat sa napagplanuhang lugar. May sniper rifle siya, covered ng scope niya ang mga kasamahan maliban kay Lafernio na nakapasok na sa control room para i-tap ang surveillance.

“Bravo, Charlie, stay in position for cover. Delta let’s go!” Kay Jarno galing ang instructions.

“Roger!” sagot ng tatlo.

Gamit ang kanyang night vision camera na nakakabit sa kanyang tripod ay nakita niya ang walang ingay na galaw nina Fabio at Nathan sa pagpapabagsak ng tatlong lalaking nakaharang sa papasukang pinto. Hindi nagtagal ay nakapasok na ang mga ito kasunod sina Jake at Jarno. Inilipat na niya ang tingin sa monitor na nakakabit sa tripod.

Nagawang i-transmit ni Lafernio, their technical expert,

ang footage ng surveillance ng buong site at iyon ang kanyang tinitingnan ngayon. He was supposed to be the bird's eye view of the whole mission.

“We’re live,” anunsyo niya. “Four x’s to your right, Echo, and two behind the door in front of Delta, seven yards away.”

“Copy that.”

Magkakasunod na putok ang narinig niya, sandali siyang napakunot-noo nang matanawan ang ginagawa ni Lafernio.

“Alpha, what are you doing? Three x’s approaching your two o’clock.”

Nakita niya ang mabilis na pag-minimize ni Lafernio ng window na tinitingnan nito sa computer at ang pagtutok ng baril sa direksyong sinabi niya.

“F*ck!” narinig niyang mura nito.

“God damn it!” Halos mabingi siya sa tunog ng alarm system na na-activate ng nakapasok sa control room. Nakita niyang nagsimula nang maggalawan ang mga naroroon. Walo sa mga ito ay patungo sa package na kukunin nila.

“We have been engaged! I repeat, we have been engaged!” deklara niya.

“Give us the count!” Si Jarno.

Kalmado siyang nagsalita. “Twelve and armed. Four

approaching Alpha and the rest approaching the package.”

“Time!” Si Fabio.

“Thirty seconds to Alpha and ten seconds to the rest. I am butting out, I’m going in!”

Mabilis niyang hinugot ang rifle at sinigurong kumpleto ang gear bago pumasok sa site. Nakasalubong niya ang mga batang nagsisipagtakbuhan palabas ng gusali. Iginigiya ni Jarno ang mga ito patungo sa sasakyang habang ang tatlo ay nagsisilbing cover sa mga bata na hostages ng isa sa mga grupo ng *FARC* o *Fuerzas Armadas Revolucionarias Colombia* na tinitimbog nila ngayon.

“Frank, go check on Alpha,” narinig niyang utos sa kanya ni Jarno sa radio sa gitna ng putukan.

“Copy!” sagot niya at kasabay ng pagpaputok sa mga nakakasalubong na kalaban ay ang mabilis na hakbang papuntang control room.

Naabutan niyang nakikipagbuno si Lafernio sa dalawang lalaki. Papuputukan na sana niya ang mga ito nang harangin din siya ng dalawa pang rebelde. Mabilis na naagaw ng mga ito ang rifle niya at isang bigwas sa tiyan ang natanggap niya. He quickly recovered and power punched the guy. Nang makita niyang nakatutok sa kanya ang rifle ng isa pang kasamahan ng mga ito ay mabilis niyang binunot ang kanyang handgun at naunang paputukan ito.

Bombs And Promises - Jade Anne Franco

Nang tingnan niya ang gawi ni Lafernio ay bagsak na rin ang kalaban nito. “Let’s get out of here!” sigaw niya at nilapitan ito.

“I need to delete the files first,” anito habang mabilis na tumitipa sa computer.

“Alpha and Frank, we are good. Let’s go!” Pareho nilang narinig si Fabio.

“Two minutes!” sigaw ni Lafernio. Iniikot niya ang mga mata habang hinihintay ito, sinisiguro kung wala nang ibang lalapit.

“Let’s go! Two platoons in unidentified camo are approaching, you need to get out!” Si Jarno na halata na ang tension sa boses.

“God damn it!” he swore in frustration bago mabilis na tinapik si Lafernio. “Hurry up, Bro!”

“Go! I’ll meet you at extraction point. Secure the hostages!” balik nito sa kanya habang walang tigil sa pagtipa at pagpasok ng kung ano-anong code sa computer.

“Get the hell out, both of you!” Si Nathan.

Hinatak niya si Lafernio. “Leave that, for f*ck’s sake!”

“I need to delete the files, it’s my mission. If I don’t do it we’re all dead,” walang lingon nitong sagot.

Napapabuntong-hiningang napayuko siya at nagsalita sa radio. “I’m staying behind with Alpha. We will meet you at the

extraction point.”

“No!” mabilis na tanggi ni Lafernio. “You go!”

“Why?” pikon at tensyonado niyang tanong.

“Thirty seconds and closing! They’re almost there, what are you waiting for?” galit nang sigaw ni Jarno.

Saka pa lamang siya nilingon ni Lafernio. His eyes were troubled. “They’ve blocked the system, you understand? I need time, but I will do it before they catch me. My life isn’t in a safe zone right now and if I die, Julianne will have no one! Now go!”

“You’re crazy! Do it and I’ll cover you,” matigas pa rin niyang tanggi.

“Loki, you’re the only one who knows the terrain that will lead us to the extraction point,” tahimik na saad ni Fabio sa radio.

“The hostages will die and this will all be useless. Leave me,” tiim-bagang na turan muli ni Lafernio, sweat dripping down his forehead.

“We are not leaving without you.”

“I know,” anito at marahan siyang tinapik. “If anything happens, you know where to find Julianne. Take care of her like I will if I was with her.”

Sandali siyang natahimik bago tiim-bagang na tuluyan nang lumabas at tinungo ang naghihintay na sasakyen.

“Let’s go!” matigas niyang saad matapos padaanan ng tingin ang mga batang nagsisipag-iyakan at nag-umpukan sa likod ng pick-up. Halos pikit-mata niyang pinasibad ang sasakyan patungo sa pick up point kung saan naghihintay ang UH-60 Black Hawk na magdadala sa kanila at sa mga rescued hostages sa secure area.

Pinauna nilang makapasok ang mga bata. “Lafernio’s still at the site, we need to fly over there and get him,” agad niyang imporma sa navy pilot na malapit nilang kaibigan ni Lafernio. Si Rex.

“Roger that!” sagot nito at minaniobra ang chopper pabalik sa site.

“*Green Lion to Troop Echo,*” narinig nila mula sa radio piece. It was their commander, Captain Luther.

“This is Echo, come in Green Lion.”

“Tell me your status.”

Bumuntong-hininga muna si Jarno bago nagsalita. “Package is secure, we are on the big bird flying over the mission site to get Alpha.”

“Negative, Echo. Proceed to extraction point with the package, now!” matigas na sagot ng commander.

Agad siyang nagprotesta. “This is Frank, I’ll get Alpha through quick rope. We are not leaving without him!”

Bombs And Promises - Jade Anne Franco

“Negative Frank, stand down. Hostages are our priority. Arch Angel, fly the bird to secure area, that’s an order!” anito sa piloto.

“With all due respect, Captain, part of the mission is to secure the surveillance and that’s only possible if Alpha’s here to confirm that!” Si Jake na madilim ang mukha.

“And part of your training is to follow orders,” pinal na saad ng commander.

Nagkatinginan silang lahat.

“No, please, Captain! We can do this, we can get him back!” kuyom ang mga palad na pakiusap ni Jake.

“Another word and you all know what will happen,” galit na balik ng nasa radio.

Natahimik silang lahat. Nakita niyang tumingin sa kanya si Rex. Tiim-bagang na tinanguan niya ito na dismayadong napailing-iling. Without a word, the pilot maneuvered the chopper away from the site.

“God damn it! Jarno, what the hell? We need to get him back!” Halos ugain ni Jake si Jarno na nakasalampak sa sahig ng chopper.

Hinawakan ito ni Nathan para pigilan. “It’s an order, Jake,” pormal nitong sabi bagaman hindi maitago sa mukha ang galit.

“Son of a b*tch! How can Captain Luther do this to us? God

damn it!" Napasuntok ito sa sahig na kinauupuan sa di mapigil na emosyon. "Loki," nakikiusap ang boses nito. Jake had been close to Lafernio too.

Magkasama ang dalawa palagi sa mga kalokohan and he had always been the one to bail them out of trouble.

Hindi siya makakibo. Gulung-gulo ang utak niya. Hindi niya na alam kung tama ang ginawa niyang pagsunod kay Lafernio. The hostages were safe, but his best friend...

Sandaling nalingat ang isip niya nang maalog ang chopper na sinasakyayan nila kasabay ng kagyat na pagliwanag at ng nakagigimbal na pagsabog mula sa kanilang pinanggalingan. Maang na nilingon niya ang mission site. Nakita niya ang apoy na naging sanhi ng pagliwanag sa gitna ng kagubatan. There was a big explosion at the mission site!

"God damn it!" sigaw si Jake kasabay ng pagyuko. Nauga ang katawam nito dahil sa impit na pag-iyak.

Ang lahat ay tahimik at nakayuko. They had just lost a comrade. Halos mabingi siya sa lakas ng pagkabog ng kanyang dibdib. Lafernio, his best friend, was dead. There was no way he could be alive after that terrifying blast.

Despite their training, wala itong magagawa. There had been more or less forty-eight soldiers against him. Bukod pa iyon sa naganap na pagsabog. Pero hindi iyon ang nasa isip niya nang mga oras na iyon.

“Look at this stuff, isn’t it neat?

Wouldn’t you think my collection’s complete?

Wouldn’t you think I’m the girl,

the girl who has everything?”

Hindi mapuknat-puknat ang tingin niya sa siyam na taong gulang na bata na nasa gitna ng entablado. The little girl was wearing a green mermaid tail and white shells for her brassiere. Ang mahaba at natural na kulay tanso nitong buhok ay kumikinang sa bawat pagtama ng malamig na asul na ilaw na nakapalibot sa entablado. Sitting on a man-made rock, she was Little Mermaid—the prettiest mermaid that lived.

“You know, this musical would be heaps better if I were King Neptune,” anang katabi niya na may hawak na videocam.

“If you were King Neptune, there’d be anarchy under the sea,” sagot niya kay Lafernio.

They were seventeen years old at nasa Pilipinas, pinapanood si Julianne, ang kapatiid ni Lafernio. Napili na naman ito para maging bida sa school musical.

“Uh-huh, and this play would have sold millions,” dagdag nito.

Bombs And Promises - Jade Anne Franco

“Tumahimik ka na nga lang. Look at Julianne, she’s doing great.”

Umikot ang mga mata nito. “Of course she’s great! Sanay na sanay na siya sa mga ganito. She played several Greek goddesses back in the U.S. bukod pa sa acting lessons niya. By the way.” Bigla ay tila may naalala ito. “I have a lunch date tomorrow, so hindi ko siya masusundo.”

“Okay, I’ll take care of it,” saad niya bago pa nito hiniling iyon.

“What’s a fire and why does it

What’s the word? Burn

When’s it my turn

Wouldn’t I love,

Love to explore that shore up above?

Out of the sea

Wish I could be

Part of that world”

Napabuntong-hininga siya. Julianne finished the song and reclined on the stone, looking up hopefully with a beautiful smile

Bombs And Promises - Jade Anne Franco

on her lovely face. Nagsimula nang magsipag-alisan ang mga tao matapos ang masigabong palakpakan.

“Where’s Neo?” bungad ni Julianne.

Nasa labas siya ng dressing room ng mga kasali sa play at sadyang hinihintay ito. Nakasuot na ito ng simpleng maong na shorts at pink cotton t-shirt. At nine, she had the face of a baby. Ang mapula nitong buhok na hindi na nito itinali ay nagkalat sa namumula nitong mukha, which was glowing with the fancy makeup na inilagay rito kanina. Her blue-gray eyes were sparkling and her lips, as usual, held a mischievous smile for him. Nakuha nito ang kulay ng balat sa ama, who was an American at ganoon din ang kulay ng buhok.

Nevertheless, she got her lovely face, blue-gray eyes, and pouting lips from her Filipino-Greek mother. He would bet his life that Julianne would grow up to be a beautiful girl. She would always be the prettiest woman he’d ever laid eyes on.

He smiled back tenderly and answered, “Kinuha lang niya ang sasakyahan. He will meet us at the front gate, tara na.”

Kinuha niya ang bitbit nitong oversized bag na naglalaman ng costume nito at inakbayan na ito. Pababa na sila ng hagdan patungo sa labas ng building nang bigla itong matisod. Nakita niyang na-out balance ito. Agad niyang binitawan ang dala, walang pakialam kung magkasira-sira man iyon at mabilis ang mga hakbang na inabot ito. Bago mahulog ay nasalo niya ang magaan

Bombs And Promises - Jade Anne Franco

nitong katawan. “Jesus, Baby, be careful, will you?”

She giggled. “I know you’ll always catch me.”

Natatawang nailing na lamang siya at inalalayan itong makatayo. “Yes, I will, Princess.” Kung puwede nga lang na kargahin ito hanggang sa makababa sila ay ginawa na niya. Bumuntong-hininga siya.

“Loki?” agaw nito sa atensyon niya habang naglalakad na sila.

“Yup?”

“You’re leaving with Neo in a few days for your Navy enlistment. Can you promise me something?” tahimik nitong tanong.

Natigilan siya. When he and Lafernio were kids, magkasabay silang nangarap na maging sundalo, pinangarap nilang makabilang sa Navy SEAL which was the celebrity of American soldiers. They didn’t outgrow that dream. Parehong may pinanggagalingan ang kanilang kagustuhang iyon. Both their moms were killed during a terrorist bombing in Manhattan, New York. Mag-best friend ang mga ina nila, kaya magkasama ang mga itong nag-shopping noon for Christmas presents. Julianne was barely three at that time, he and Lafernio were nine. Iyon ang dahilan ng pag-uwi nila sa Pilipinas.

Loki’s grandmother was Filipino, he stayed with her. Ang lola naman ng magkapatid ang may utos na iuwi ang mga apo nito sa Pilipinas kaya napilitan na rin ang ama ng mga ito na sumunod.

“What is it, Julianne?” pagkaraan ng sandaling panahanhimik

Bombs And Promises - Jade Anne Franco

ay tanong niya.

“I already asked Neo this, and he said yes. I want you to promise me that you will take care of Neo, like he promised me that he will take care of you.”

He smiled tenderly. “Of course, Sweetheart... We’ll take care of each other. I promise you that.”